# Tulong Pinansyal sa PeaceHealth

## Available ang Tulong

Nakatuon ang PeaceHealth sa pagtiyak na makukuha ng aming mga pasyente ang pangangalagang kailangan nila, may kakayahan man silang magbayad o wala. Ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga hindi kayang magbayad ay bahagi ng aming misyon. Inaatasan ng batas ang aming mga ospital na magbigay ng libre at may diskwentong pangangalaga sa mga kwalipikadong pasyente. Maaari kang maging kwalipikado para sa libre at may diskwentong pangangalaga batay sa laki at kita ng pamilya, kahit na mayroon kang insurance sa kalusugan. Ang mga pasyenteng may problema sa pagbabayad ng bill ay dapat tumawag sa Espesyalista ng Account ng Pasyente sa mga numerong nakalista sa ibaba.

## Paano Mag-apply

Nang personal, sa pamamagitan ng mail o sa telepono. Maaaring mag-apply ang isang pasyente para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng pagsusumite ng aplikasyon at pagbibigay ng mga sumusuportang dokumento. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa mga tanong, o para humiling ng mga libreng kopya ng aming form sa aplikasyon at mga patakaran.

- **Sa pamamagitan ng telepono**:
  - 877-202-3597 Suporta sa Ingles
  - 844-746-4737 Lahat ng iba pang wika [Para español o tagalog, 国语, для русского языка, cho Việt]
- **Sa website ng PeaceHealth: peacehealth.org/financialassistance**
- Nang personal: sa alinman sa aming mga PeaceHealth Medical Center
- **Para makakuha ng mga dokumento sa pamamagitan ng mail nang walang bayad:** tawagan kami sa mga numerong nakalista sa itaas

## Mabilisang Impormasyon Tungkol sa Tulong Pinansyal

**Emergency na pangangalaga:** Ang mga emergency room sa lahat ng aming ospital ay sumusunod sa mga legal na tuntunin ng Batas sa Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Panganganak (Emergency Medical Treatment and Labor Act, EMTALA). Inaalagaan namin ang mga pasyenteng may emergency na medikal na pangangailangan, may insurance man o wala ang pasyente, nang hindi nangangailangan ng bayad sa oras ng serbisyo. Available ang tulong pinansyal kung kailangan para sa pang-emergency na pangangalaga.

**Ano ang dapat kong gawin kung hindi ko mabayaran ang aking bill?** Maaaring mag-apply para sa tulong pinansyal ang sinumang pasyente. Hihilingin sa sinumang mag-a-apply ang impormasyon na nagpapakita ng kanilang pinansyal na pangangailangan. Nag-aalok ang PeaceHealth ng tulong sa iyong pagbabayad sa bill batay sa iyong kita at kakayahang magbayad. Mayroon kaming mga diskwento na mula 70% hanggang 100%. Ang halaga ng suportang makukuha ay depende sa mga pinansyal na pangangailangan ng pasyente.

**Ano ang saklaw?** Ang isang pasyenteng naaprubahan para sa tulong pinansyal ay sasaklawin para sa emergency o medikal na kinakailangang paggamot at hindi sisingilin ng higit sa halagang karaniwang sinisingil (amount generally billed, AGB) sa mga pasyenteng may insurance.

**Maaari ba akong magbayad?** Humihiling ang PeaceHealth ng buong pagbabayad kapag natanggap mo ang iyong paunang payahag sa bill. Maaaring bayaran ang iyong balanse sa maraming paraan, gaya ng: credit card, prepaid card, cash, tseke, o online na pagbabayad. Available rin ang mga plano sa pagbabayad. Mangyaring tawagan ang mga numero sa itaas para talakayin ang mga opsyon sa pagbabayad sa isang Espesyalista sa Account ng Pasyente.

**Tulong sa saklaw:** Matutulungan namin ang mga pasyente na mag-apply para sa mga programa ng komunidad o pamahalaan na maaaring makatulong sa pagsaklaw sa mga medikal na bill. Maaaring makipag-ugnayan sa amin ang mga pasyenteng walang insurance para sa tulong. Tutulungan namin ang mga pasyenteng may malaking bill kahit na tapos nang magbayad ang insurance.

**Kung hindi Ingles ang iyong unang wika:** Ang aming patakaran sa tulong pinansyal, isang aplikasyon, at ang buod na ito ay available sa mga sumusunod na wika

- Espanyol (Español)
- Intsik (中文)
- Somali (Soomaalida)
- Ukrainian (Українська)
- Aleman (Deutsch)
- Arabic (العربية)
- Khmer
- Hapon (日本語)
- Thai (ไทย)
- Tagalog
- Koreano (한국어)
- Romanian (Română)
- Farsi
- Punjabi
- Vietnamese (Tiếng Việt)
- Ruso (Русский)
- Chuukese
- Oromo
- Pranses (Français)

PeaceHealth